LUNGSOD NG CALAMBA 1742 LAGUNA 2001

# CALAMBALITA

Vol. 2 No. 014

August 17, 2018 Bilang 18

# JUNIOR MODEL CITY OFFICIALS, IPINAKILALA NA

Ipinakilala na ang mga Junior Model City Officials mula sa iba't-ibang pampublikong paaralan na pansamantalang gaganap bilang mga halal na opisyal at hepe ng mga tanggapan ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba noong 14 Agosto 2018.

Malugod itong ipinatupad ng bagong halal na Sangguniang Kabataan Pederasyon (SKP) President Kenneth Delas Llagas kasama ang City Youth Development Council at ang buong suporta ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco.

Pansamantalang papalit ang mga Junior Models bilang mga opisyales ng City Hall at sila ang gagawa ng mga tungkulin nito. Magsasagawa rin sila ng mga activities at session kung saan maaari silang maghain at magpasa ng mga resolusyon para sa kapwa nila kabataan.

Sa swerving-in ng mga JMC Officers, pinaalalahanan ni Mayor Timmy na bilang mga student-leaders ng kani-kanilang mga eskwelahan, dapat manguna sila sa pagpapahalaga sa edukasyon. "Learn before you earn", yun ang payo ni Mayor sa mga kabataan. "Pahalagahan ninyo ang edukasyon dahil pinaghihirapan ng mga magulang natin ang ating pag-aaral," ani butihing Mayor.

Para kay G. Arturo Mijares, isa sa mga adviser ng mga napiling JMC, masaya siya na nagkaroon ng ganitong pagkakataon ang mga kabataan upang mas makita nila ang malaking bahagi o parte nila sa pag-unlad ng Lungsod.

Itinuturing naman ni Justin John Bustamante, ang counterpart ni Mayor Timmy, na isang hamon ang pagganap bilang Mayor dahil kailangan niyang ibigay ang kanyang buong makakaya upang punan ang expectation ng mga tao.

Hinihiling niya ang buong suporta at pakikiisa ng kanyang mga kasamahan para rito lalong-lalo na sa naisin niyang isulong na batas hinggil sa anti-bullying.

Naniniwala rin naman siya na magagampanan nila ang kanilang tungkulin dahil nakikita niya na nasa puso ng mga kasamahan niya ang pagiging isang lider.

"Kailangan ko munang alamin how the system works at ang mechanism ng department bago magkaroon ng pagbabago at punan ang mga kakulangan," ani Gomer Fonacier, ang gaganap bilang Information, Investment, Promotions and Employment Services Office (IIPESO) Department Head.

Bahagi ang Junior Model City Official sa pagdiriwang ng 'Linggo ng Kabataan' na nakasaad sa Sangguniang Kabataan Reform Act 2015 Chapter VI Section 33b na ibinaba ng National Government.

Dito, kinakailangan na ang bawat probinsya, siyudad, munisipalidad, at barangay ay magkaroon ng taunang programa na pang kabataan sa loob ng isang linggo na tatama sa 12 ng Agosto o International Youth Day.

Handa na ngang simulan ng mga Junior Models ang kanilang pagganap bilang mga opisyales.

Kabilang sa mga napili bilang Junior Model City Officials ang mga sumusunod:

***CITY MAYOR***

JUSTINE JOHN BUSTAMANTE

***CITY VICE-MAYOR***

MEG SALCEDO

***CITY COUNCILORS***

CRIS JOHN CARAGAY
MELCHIZEDEK MENDEZ
JAIMEE GRACE BENITO
PAULINE CRUZ
JOANA CIELO
JORDAN HINAGPIS
CHARIZZA ASHLEY PAPIO
MARK NELSON PEREZ
GERALD BENAVIDEZ
EDDISON GREGORIO
CATHERINE ARGOSINO
INAH ROSE TAYAM

*-Jia Quilao-*



# 2018 NUTRITION MONTH, HAKBANG UPANG LABANAN ANG MALNUTRITION

Pokus ng pagdiriwang ngayong Nutrition Month sa Lungsod ng Calamba ang Family Food Kitchen Garden kung saan isinagawa ang Search for Backyard and Container Garden upang hikayatin ang bawat pamilya na ipagpatuloy ang pagtatanamin sa kanilang mga bakuran.

Naghanap ang City Nutrition Committee ng mga tirahan na mayroong tanim sa likod bahay, sa bakuran man o container lamang. Ipinaliwanag sa mga naninirahan ang kahalagahan ng pagtatanim, kung anong magagawa at maitutulong nito sa kanilang pamilya.

Akmang-akma ang programa sa temang "Ugaling Magtanim, Sapat na Nutrisyon ang Aanihin" na hinango sa nakikitang umuusbong na problemang pangkalusugan rito sa bansa gaya ng malnutrition at food security.

Layon ng pagdiriwang na itaas ang kaalaman at kamalayan ng bawat Calambeño ukol sa tamang nutrisyon na makakatulong sa kanila o sa kanilang pamilya na labanan ang mga suliraning ito.

Bukod pa rito, nagkaroon din ng Talakayan sa Nutrisyon na may temang "Rebuilding and Caring Every Home" na ginanap noong 19 Hulyo 2018. Umabot sa 400 ang dumalo at ang naging resource speakers ay sina Provincial Nutrition Action Office (PNAO) Head ng Laguna Teresita S. Ramos, Agriculturist 1 Leo Galisan at Supervising Environmental Management Specialist Ronn Martin S. Reyes.

Ayon kay Nutrition Officer IV o City Nutrition Action Officer Aleli Catalina Y. Jimenez, nagkaroon din ng orientation ng Urban Gardening na ginanap sa Central 1 at naging isponsor ang East West Seed Foundation.

Tinalakay sa orientation ang tamang pagtatanim at ibang alternatibong paraan ng pagtatanim gaya ng paggamit ng sako. Itinuro rin kung ilang araw ang pagtatanim, kung paano ang paglilipat ng punla, soil o land preparation at pag-iwas sa paggamit ng chemicals o pesticides upang mas maging masustansya ang mga gulay.

Isinagawa rin ang regular activities na ginaganap kada taon gaya ng Poster Making Contest, Komiks Strip Writing Contest, Nene Went to Market, Nutripuzzle, at cooking contest o ang tinatawag na Calambulilit Kusina Master.

Bukod rito, nagkaroon din ng feeding program sa Sirang Lupa, Brgy. 1, Brgy. 2 at Burol na may kasamang lecture tungkol sa tamang nutrisyon.

Idineklara ng National Government ang buwan ng Hulyo bilang Nutrition Month na ipinagdiriwang kada taon sa iba't-ibang lugar ditto sa bansa kasama na ang Lungsod ng Calamba na pinangunahan ng City Nutrition Committee at ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco. *(J. Quilao/IIPESO)*














# 2018 NUTRITION MONTH WINNERS

### NENE WENT TO MARKET
1st Prize: Hailey Enriquez
Pansol Day Care Center
2nd Prize: Cheska Martinez
MCDC Day Care Center
3rd Prize: Jharene Yuan Deiparine
Mayapa Day Care Center

### NUTRI PUZZLE
1st Prize: Ashley Haron
Parian Day Care Center
2nd Prize: Danniel MC Barrientos
Burol Day Care Center
3rd Prize: Lara Mayol
Halang Day Care Center

### POSTER MAKING CONTEST
1st Prize: Mischka Ambert Yvhane Dimapilis
Calamba Elementary School
2nd Prize: John Marion Pimentel
San Ramon Elementary School
3rd Prize: Marc Lawrence Fernandez
Lawa Elementary School

### COMIC STRIP MAKING CONTEST
1st Prize: Ryan Cell Pega
Calamba National HIgh School
2nd Prize: Kyla Cresly Balsote
Looc Integrated School
3rd Prize: John Lloyd Calib-og
Punta Integrated School

### VEGGIE CURVING CONTEST
1st Prize: Junil Reyes
Makiling Elementary School
2nd Prize Ian Rempillo
Jose Rizal Memorial School
3rd Prize Ralph Gabriel Lanaca
Tiyani Elementary School

### CALAMBULILIT KUSINA MASTER
1st Prize Marco Franklin Tad-y
Mayapa Elementary School
2nd Prize Arielle Pearl Balagtas
Tiyani Elementary School
3rd Prize Mark Exekiel Nieto
Sampiruhan Elementary School






# PAGTATAYO NG MULTI-PURPOSE BUILDING, SINIMULAN NA

Sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco kasama ang Sangguniang Panglungsod at Punong Inhinyero Irwin M. Pacada, sinimulan na ang pagpapatayo ng Multi-Purpose Building o mas kikilalanin bilang Hall of Justice noong Mayo 2018. Ito ang magsisilbing sentro ng lahat ng ahensya na may kinalaman sa pagpapalakad ng justice system sa buong lalawigan ng Laguna. Ang halaga ng naturang proyekto para sa Phase 1 ay umabot sa Php 99,996,125.77 at ito ay isasagawa ng BCA Construction Supply, bilang kontraktor nito. Ang Hall of Justice na ito ay may kabuuang sukat na 4,600 sqm at matatagpuan sa Brgy. Real kalapit ng bagong Calamba City Hall Compound. Sa kasalukuyan, nasa dalawamput-anim na porsyento (26%) na ng mga gawain at inaasahang matatapos ang konstruksyon ng Phase 1 sa Disyembre 2018. *(John Caryl A. Evangelista/Lara Villaver/ Jia Quilao)*






# SERBISYO CARAVAN, ISINABAY SA PAGBUBUKAS NG 2018 INDAYOG FESTIVAL NG BUMABANGONG BAÑADERO

Masayang binuksan ang pagdiriwang ng Indayog Festival ng Barangay Bañadero kasabay ng paghahatid ng Serbisyo Caravan noong 10 Agosto 2018 na ginanap sa Covered Court ng Bria Homes, Bañadero, Calamba City.

Sinimulan ang programa sa pagpapakita ng iba't-ibang talento ng mga kalahok sa Senior Citizens Got Talent gaya ng sayaw, drama, at tula. Kasunod nito ang pagpapakilala sa mga Lakan at Lakambini ng barangay hatid ang kanilang adbokasiya.

Ayon kay Bb. Llayana Shiane Solis, Sangguniang Kabataan (SK) Chairman ng Brgy. Bañadero, nagkaroon ng patimpalak na Lakan at Lakambini upang ipakita na ang ang isang kabataan ay hindi lang ganda ang dala ngunit pati na rin talino at talento na maiiambag sa pag-unlad ng kanilang barangay.

Dagdag pa niya, ang adbokasiya ng mga kalahok ay para sa basura at ang pagtatanim ng halaman kaya naman isang kagalakan na magkaroon ng 'Serbisyo Caravan' sa kanilang lugar dahil may hatid itong programang livelihood na makakatulong sa mga bata o kabataan na matutunan ang kahalagahan nito at kung paano ito makakatulong sa pag-unlad ng barangay.

Inihatid din ang iba't ibang serbisyo gaya ng medical, dental, manicure, pedicure, birth registration, at marami pang iba.

Ikinatuwa naman ni Rebecca Tabinas, Barangay Employment Services Officer (BESO) ng Bañadero, na maraming kumpanya ang nakapunta para sa job fair dahil ipinaghandaan nila ito at nagbahay-bahay para ipalam sa mga residente ng barangay.

Lubos ang pasasalamat ni Boyet Lalap, Brgy. Chairman ng Bañadero, sa mga naglaan ng oras para sa programang ito kasama na si Konsehal Dyan Espiridion, mga kawani ng City Hall, Calamba Philippine National Police (PNP), Bureau of Fire Protection(BFP), mga kompanya, at sa lahat ng nakadalo lalong-lalo na kay Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco na nagsulong ng programang ito.

Bukod dito, ang Bria Homes na pinahintulutan na sa kanilang covered court ganapin ang Serbisyo Caravan dahil naisin din nilang maging kaisa sa programang itinataguyod ng ating Punong Lungsod.





Ayon kay Gng. Eileen Madrazo, Marketing Head ng Bria Homes, Calamba City, hindi lang bahay ang kanilang inihahatid ngunit pati na rin karagdagang income.

Ang programang "Serbisyo Caravan" ni Mayor Timmy ay naglalayong mailapit sa mga barangay ang mga pangunahing serbisyo ng Pamahalaang Lungsod. Pang-anim na serbisyo caravan na ang ginanap sa Brgy. Bañadero nitong 2018.

*(Jialyn Quilao/IIPESO)*




# CALAMBA ASSESSMENT OFFICE, REGION IVs 1st IN TAV

Calamba City's Assessment Office ranked 1st in the entire Region IV-a for achieving a Total Assessed Valuation (TAV) of Php 60,268,097,030.00, Mr. Graciano G. Aldabe, Calamba City Assessor received the plaque of recognition from Dir. Eduardo L. Del Rosario, Regional Director, Bureau of Local Government Finance (BLGF) Region 4-A in the 2018 Mid-Year Performance Evaluation of CALABARZON Treasury and Assessment Operations held last July 30 to August 3 at Binangonan Recreation and Convention Center, Binangonan, Rizal. "Collaborative effort and hard work of the City Government and Assessor's Office was the greatest avenue in achieving this triumph", according to Aldabe. He added "Mayor Timmy's support and encouragement to our office have been both a challenge and an inspiration for us to push ourselves farther". Aldabe envisions the City Assessment Office to be the leading agency in generating local revenues from real property taxes, new assessment and re-assessment of real properties in Calamba if this continues.

Mayor Justin Marc "Timmy" SB Chipeco congratulated the office and recognized the effort and hard work of its staff and officers.

*(Ralph Lennard J. Fajardo / Jialyn Quilao)*

# MAYOR TIMMY'S WEEK

HAPPY KAMI SA CALAMBA CITY

## AUG. 6 MONDAY

OATH TAKING CEREMONY OF PALISAM SOLID WASTE MANAGEMENT BOARD




## AUG. 7 TUEDAY

RECEPTION OF OFFICE VISITORS





## AUG. 8 WEDNESDAY

OATH TAKING CEREMONY OF CALAMBA WOMEN AND MEN'S BRIGADE





FINANCIAL HELP DISTRIBUTION




## AUG. 9 THURSDAY

SERBISYO CARAVAN MEETING



## AUG. 10 FRIDAY

SERBISYO CARAVAN

MAYOR TIMMY CHIPECO

BARANGAY BAÑADERO






## AUG. 11 SATURDAY


COORDINATION WITH CITY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT OFFICE (CDRRMO) & PUBLIC ORDER AND SAFETY OFFICE (POSO)



## AUG. 12 SUNDAY

PROMPT PRONOUNCEMENT (AUG. 13 CLASS SUSPENSION)

SUPPORT FOR THE YOUTH PARADE









@AttyJustinMarcSBChipeco



# ANG BATAS AY BATAS

## Buwanang Kolumn ng Public Order and Safety Office

sa pamamagitan ni *Jeffrey S. Rodriguez (Technical Assistant)*

***Ang batas ay batas***—yan ay una kong narinig kay City Administrator Allan Zacarias. Tumatak sa isip ko iyon nang pinagkatiwalaan ang Public Order and Safety Office (POSO) ng ating minamahal na Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco na ipatupad ang mga ordinansa ng lungsod para sa kaayusan at seguridad.

Sa mga unang araw namin sa POSO, nag-brainstorming muna kami ukol sa nakikita naming mga dapat na ipatupad na hindi naipatutupad ng husto. Ang isa sa unang mga ordinansang nakita namin na dapat pagtuunan ng karampatang pansin ang City Ordinance No. 591, Series of 2016, ***Regulating the Consumption of Alcoholic Beverages in Public Places and Regulating Its Retail By Business Establishments.***

### *ANO NGA BA ANG NAKAPALOOB SA ORDINANSANG ITO?*

Simple lang—***IPINAGBABAWAL*** ang pagbebenta at maging ang pages-serve sa mga restaurant, bar o anumang kainan at tindahan, may business permit man o wala, sa Lungsod ng Calamba ng mga inuming nakakalasing—beer man ito, gin, wine, lambanog—basta't may alcohol mula ***12:00 NG HATINGGABI HANGGANG 8:00 NG UMAGA.***

***IPINAGBABAWAL DIN*** ang pag-iinuman sa mga pampublikong lugar tulad ng mga sumusunod: kalsada, pasilyo, eskinita, tabing-kalsada, daang-tao, sports complex, liwasang bayan o parke, palaruan—pribado man o pampubliko, palengke at sementeryo.

### *BAKIT BA ITO GINAGAWA?*

Mandato ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba, ayon sa Local Government Code of 1991, na pangalagaan at maitaguyod ang pampublikong moralidad at mapanatili ang seguridad at katahimikan ng kanyang nasasakupan para na rin sa kapakanan at kaginhawaan ng ating mga kapwa Calambeño. Puwede naman po na sa loob ng ating mga bahay at mga bakuran gawin ang pag-iinuman ng hindi nakakaabala sa ating mga kapitbahay.

### *PAG NAHULI KAMI, ANO ANG PARUSA?*

Kasama sa mga otorisadong manghuhuli at magpapatupad ng nasabing ordinansa ang mga tauhan ng POSO, mga opisyales ng barangay, mga deputized na barangay tanod at ang ating kapulisan. Kapag nabigyan ng CITATION TICKET, babayaran ng nahuli ang penalty sa Treasury Office ng City Hall at bibigyan siya ng Official Receipt patunay na nagbayad na siya ng kaukulang halaga.

***Naririto ang mga penalty ng paglabag ayon sa City Ordinance No. 591:***

**a. Pag-iinom sa Pampublikong Lugar**

1. Unang Pagkakasala – Php 3,000.00
2. Ikalawang Pagkakasala – Php 5,000.00 o pagkakulong ng tatlong (3) buwan o pareho ayon sa desisyon ng korte
3. Ikatlong Pagkakasala – Php 5,000.00 o pagkakulong ng isang (1) taon o pareho ayon sa desisyon ng korte

**b. Pagbebenta ng Alak o Anumang Nakalalasing na Inumin mula 12 ng hatinggabi hanggang 8:00 ng umaga**

1. Unang Paglabag – Pagsasara ng Negosyo ng tatlong (3) araw
2. Ikalawang Paglabag - Pagsasara ng Negosyo ng limang (5) araw
3. Ikatlong Paglabag - Pagsasara ng Negosyo ng sampung (10) araw
4. Ika-Apat na Paglabag – Pagsasawalang Bisa ng Business Permit

**Sana po ay nabigyang–linaw po natin ang mga usapin ukol sa ipinatutupad na liquor ban. Kung mayroon po tayong mga katanungan, i–follow po ang aming Facebook page na Calamba City Public Order and Safety Office o mag–text o tumawag sa POSO Hotline (0998) 849–0343.**



PUBLIC ORDER AND SAFETY OFFICE
CALAMBA CITY 2010

*Tandaan, ang batas ay batas at ito ay nararapat lamang na ipatupad.*

Ang tanggapan ng ating Pangalawang Punong Lungsod Roseller H. Rizal, katuwang ang Department of Health - Region IV-A, Department of Health - Provincial Office at City Health Office ay nagsagawa ng *Medical and Dental Mission* sa Barangay Kay-Anlog at Barangay Banlic, Lungsod ng Calamba.









Umabot sa 246 na katao ang nabigyan ng libreng serbisyong medikal at 170 naman po ang nabiyayaan ng *libreng dental services* sa **Barangay Kay-Anlog** na ginanap noong **Agosto 1, 2018**













**Umabot sa 260 na katao ang nabigyan ng libreng serbisyong medikal at 210 naman po ang nabiyayaan ng libreng dental services sa Barangay Banlic na ginanap noong Agosto 2, 2018**

Bukod sa libreng serbisyong medikal at dental services ay nagsagawa din ng supplemental food feeding at namigay ng kaukulang gamot para sa mga mamamayan ng nasabing barangay.

***"Rizal para sa Magandang Kalusugan"***




# DIRECTORY

**OFFICE | LOCAL NO. 545-6789**

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | |
|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 |
| HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. EDISON NATIVIDAD | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**IT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222
**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895


# CALAMBALITA

## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*

*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*

**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Ccciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







